# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-12 NG AGOSTO, 1998, MIYERKOLES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO................. | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr............ | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar.............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez............... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison................. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon................. | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas................ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca................. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco.............. | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan..... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villasenor............ | Kagawad |

## KAPASIYAHAN BLG. 101-T'98-T

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET BLG. 2-T'98 NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG MILYON APATNARAAN LABING APAT NA LIBO TATLONG DAAN SIYAMNAPUNG PISO AT ANIMNAPU'T APAT NA SENTIMOS (P1,414,390.64).

SAPAGKA'T, ang halagang P1,414,390.64 ay ilalaan sa mga pangunahing proyekto ng bayang ito;

SAPAGKA'T, ang naturang pondo ay magmumula sa Patuloy na Laang Gugulin (Balances of Continuing Appropriations) at sa Mentinansya at Iba Pang Gugulin na nananatiling malaya sa anumang gugulin at pinahihintulutan, ayon sa Seksiyon 322 ng Batas-Republika Blg. 7160.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Kag. Florencio C. Odejar, Kag. Bernardo E. Ison at sa buong pagkakaisa at pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang mga sumusunod na:

### KAUTUSAN SA PAGLALAAN NG PONDO BLG. 2 T'98

IPINAG-UUTOS ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

SEKSIYON 1 - Na ilaan, idagdag at iliwat ang halagang P1,414,390.64 mula sa Patuloy na Laang Gugulin (Balances of Continuing Appropriations) at sa Mentinansya at Iba Pang Gugulin upang magamit sa mga proyektong-

| | |
|---|---|
| Proposed Reinforce Concrete Box - Poblacion II - | P 68,326.00 |
| Proposed Concrete Topping - Meat Section Public Market - | 63,150.00 |
| Proposed Fruit Stall (13 units) - Phase I Public Market- | 431,700.00 |
| Proposed Refreshment Stalls (20 units)-Phase I Pub.Mkt.- | 91,477.00 |
| Proposed Extension of Grocery Stalls - Phase I Pub.Mkt.- | 309,288.70 |
| Proposed Stalls for Coconut Products-Hawkers Plaza P.M.- | 226,449.64 |
| Fabrication and Installation of Post Lump-Phase I- P.M.- | 224,000.00 |
| T o t al | P1,414,390.64 |

sa ikaaayos ng badyet sa taong ito.

SEKSIYON 2 - Ang Kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay ito.

ISINABATAS at PINAGTIBAY. Agosto 12, 1998

PINAGPASIYAHAN PA: Na pagkalooban ng kapangyarihan ang Pambayang Pinuno sa Badyet at ang Pambayang Ingat-Yaman na makapagsagawa ng kaukulang pamamaraan sa paglalaan ng pondo batay sa patakaran at panuntunan ng pagbabadyet at ayon sa nilalayon ng kautusang ito.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahan at kautusang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY:
DATE: 8-18